Seattle Fire Department sfd CAM Client Assistance Memo 5961

Seattle Permits

—bahagi ng series ng maraming kagawaran sa mga serbisyo at pagpapahintulot sa Lungsod

Mga Fire Extinguisher

Na-update noong Oktubre 2020

Mga Kailangan sa mga Negosyo

Ang uri ng fire extinguisher na kailangan mo para sa lugar ng negosyo ay batay sa uri ng negosyo at mga materyales na matatagpuan sa gusali. Tinutukoy rin nito kung saan ilalagay ang mga extinguisher.

Ang mga retail na tindahan, pasilidad na imbakan, at mga garaheng paradahan ay dapat na may Class 2A fire extinguisher sa kada 3,000 square feet. Kailangang may hindi bababa sa isang extinguisher sa bawat palapag. Kailangang ilagay ang mga fire extinguisher kung saan hindi kailangang maglakad o tumakbo ng mga tao nang mahigit sa 75 talampakan para makuha ito.

Ang mga garaheng paradahan ay dapat na may Class 2A fire extinguisher sa bawat labasan ng tao.

Ang mgagusaling tanggapan, residensiyal na gusali, kagaya ng mga apartment or condominium, at pampublikong pagtitipon ay dapat na may Class 2A fire extinguisher sa kada 6,000 square feet. Kailangang may hindi bababa sa isang extinguisher sa bawat palapag. Kailangang ilagay ang mga fire extinguisher kung saan hindi kailangang maglakad o tumakbo ng mga tao nang mahigit sa 75 talampakan para makuha ito.

Ang mga boiler room na may mga oil-fired boiler ay nangangailangan ng class 10BC fire extinguisher sa loob ng layong 30 talampakan ng silid.

Ang mga retail na tindahan, pasilidad na imbakan, at mga garaheng may pahintulot para sa paggamit/pag-iimbak ng mga***mga mapanganib na materyales***, o may mga pahintulot para sa mga***mapanganib na proseso*****, ay** dapat na may mga fire extinguisher na may rating na hindi bababa sa class 2A40BC. Kailangang nasa loob ng 30 talampakan ang pagitan ng bawat fire extinguisher.

Ang mga apartment, motel o condominium na may bukas na balkonahe, o may mga labasan na direktang patungo sa labas ay maaaring maglagay ng mga extinguisher sa silid ng manager, silid na labahan, silid na imbakan, o sa mga panlabas na kabinet. Maaari itong isagawa nang may pahintulot ng Nag-iinspeksyong Opisyal ng Seattle Fire Department.

Ang mga kusina ng restawran ay dapat nmagkaroon ng awtomatikong sistema ng fire extinguishing at exhaust na kinilala para sa proteksyon ng komersiyal na uri ng panlutong kagamitan na nakalista at pinangalanan alinsunod sa UL300 para sa ninanais na aplikasyon. Dagdag pa, dapat magkaroon ng mga portable na fire extinguisher sa loob ng 30-talampakang distansiya mula sa komersiyal na uri ng panlutong kagamitan. Ang mga komersiyal na panlutong kagamitan na gumagamit ng mga solid fuel, mga langis at taba mula sa gulay o hayop ay dapat na pinoprotektahan ng portable extinguisher na may rating na class K.

Pag-i-install ng Iyong Extinguisher

Kung may timbang na mas magaan sa 40 lbs. ang iyong fire extinguisher, ilagay ito nang hindi hihigit sa 5 talampakan ang taas ng tuktok ng extinguisher mula sa sahig. Kung may timbang na mas mabigat sa 40 lbs. ang iyong fire extinguisher, ilagay ito nang hindi hihigit sa 3½ talampakan ang taas mula sa sahig. Tiyakin na ang ilalim ng iyong fire extinguisher ay may taas na hindi bababa sa 4 na pulgada mula sa sahig.

Kailangang ilagay ang mga fire extinguisher kung saan madali itong makikita at makukuha. Kailangang ilagay ang mga ito kung saan kadalasang dumaaan ang mga tao.

Taunang Pagsusuri

Kailangang ipasuri ang mga fire extinguisher kada taon para matiyak na gumagana nang maayos ang mga ito. Kailangang lisensiyado ng Seattle Fire Department ang taong susuri sa iyong fire extinguisher. Tumingin sa direktoryo ng telepono sa ilalim ng mga fire extinguisher kung kailangang ipasuri ang iyong extinguisher. Maglalagay ang service technician ng tag para ipaalam na nasuri ito at kung kailan ito dapat muling ipasuri. Maaaring mas makamura kung magpapalit ng fire extinguisher kada taon kaysa ipasuri ito. Sa kasong ito, dapat kang mag-tape ng kopya ng may petsang resibo sa extinguisher.

LEGAL NA DISCLAIMER: *Hindi dapat gamitin bilang kapalit ang Client Assistance Memo (CAM) na ito para sa mga alituntunin at regulasyon. Responsibilidad ng mga indibidwal ang pagsunod sa lahat ng kailangan ng alituntunin at panuntunan, isinasalarawan man o hindi sa CAM na ito.*